5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

6

NG PAMAHALAAN
NAGBIBILI

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Araling Panlipunan 5**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan para sa paggamit ng mga guro ng DepEd sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Renz Michael F. Ramirez (Central Luzon State University)

**Tagasuri:**
- Marivic M. Pimentel Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
~~Research Institute for Teacher Quality~~
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**


| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang #1: Ako Ay May Globo!**

II. **Layunin:** Magkaroon ng pagbabalik-aral tungkol sa tiyak na lokasyon sa pamamagitan ng isang gawain.

III. **Mga Kailangang Materyales**
- lapis at papel

IV. **Panuto:** Sa sagutang papel ay tukuyin kung ano ang mga linya na nasa globo.




Worksheets Library. (n.d.). https://worksheets.clipart-library.com/worksheet/printable-world-map-with-latitude-and-longitude-and-countries-4.html

1.
2.
3.
4.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Mga kaugnay na katanungan

1. Bakit mahalaga na malaman natin ang kahulugan ng bawat linya sa ating globo?

2. Kung wala ang mga linya na ito sa ating globo, ano ang maaaring mangyari?

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang #2: Ilaya O Ilawud**

**II. Layunin:** Natutukoy ang pagkakaiba ng Ilaya at Ilawud na pamayanan.

**III. Mga Kailangang Materyales:**

- Lapis at Papel

**IV. Panuto:** Sa sagutang papel ay tukuyin kung ang pangungusap ay tumutukoy sa mga katangian ng lipunang ILAYA o ILAWUD. Ilagay ang sagot sa patlang bago ang bilang.

________1. Isang pamayanan na nasa bundok.

________2. Pamayanan na malapit sa ilog.

________3. Ang pangunahing hanapbuhay sa pamayanan na ito ay ang pagbuo ng mga sasakyang pandagat.

________4. Isa sa pangunahing hanapbuhay sa pamayanang ito ay ang pagtatanim.

________5. Ang pamayanang ito ay nakikipagkalakalan sa mga lugar na malapit sa kanila.

________6. Ang pamayanang ito ay sa isang pamayanan lamang nakikipagkalakalan.

________7. Ito ay isang pamayanan sa looban ng kagubatan.

________8. Pamayanan na umusbong malapit sa dalampasigan.

________9. Isa rin sa pangunahing hanapbuhay dito ay ang pangingisda.

________10. Bukod sa pagtatanim, ang pangangaso ay isa rin sa pangunahing hanapbuhay dito.

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Kaugnay na katanungan

1. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na manirahan sa ILAYA o sa ILAWUD, ano ang iyong pipiliin at bakit ito ang iyong napili?

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang #3: Suri-Larawan**

II. **Layunin:** Nasusuri ang mga larawan na may kaugnayan sa mga sinaunang uri o antas ng lipunan.

III. **Mga Kailangang Materyales**
- Lapis at Papel

IV. **Panuto:**
Tingnan ang mga larawan. Suriing mabuti at isulat sa sagutang papel ang iyong mga obserbasyon sa larawan kagaya ng kasuotan, palamuti sa katawan, dalang gamit at magkaroon ng hula kung ano sa iyong palagay ang kanyang tungkulin sa isang pamayanan.

| | |
|---|---|
|  | |
|  | |

| | |
|---|---|
|  | |

Ang mga imahe ay mula sa: https://en.wikipedia.org/wiki/Boxer_Codex#Picture_gallery_of_the_illustrations_in_Boxer_Codex

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)

Kaugnay na katanungan

Kung ikaw ang papipiliin, ano ang iyong nais na maging katungkulan sa mga antas ng lipunan?

| |
|---|
| |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |




**I. Gawain Bilang #4: Iguhit ang Isuot ang Dapat**

**II. Layunin:** Naiguguhit ang tamang kasuotan ng mga sinaunang tao na kabilang sa kanilang uri o antas sa lipunan.

**III. Mga Kailangang Materyales**

- Lapis at Papel

**IV. Panuto:** Gamit ang mga larawan o imahe sa ibaba ay bihisan at maglagay ng mga bagay upang maging katulad ng hinahanap na uri o antas ng sinaunang Pilipino sa pamamagitan ng pagguhit. Maaaring lagyan ng kulay ang gawain.

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| **DATU** | **MAHARLIKA** | **TIMAWA** |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)

Gamit ang sagutang papel ay ilarawan kung ano ang iyong mga iginuhit upang maging katulad ang mga imahe ng tao batay sa mga hinihinging antas o uri sa lipunan.

| |
|---|
| **Datu:** |
| **Maharlika:** |
| **Timawa:** |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

*I.* **Gawain Bilang #5:** ***Venn Diagram***


*II.* **Mga Layunin:** Naiisa-isa ang pagkakatulad at pagkakaiba ng sistemang pampolitika ng sinaunang Lipunang Pilipino

**III. Mga Kailangang Materyales**

- Lapis at Papel

**IV. Panuto:**

Gamitin ang grapiko sa ibaba upang maibigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Barangay at Sultanato. Magbigay ng limang (5) pagkakaiba at tatlong (3) pagkakatulad.



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

**Noon at Ngayon:**

Ngayon na inyo nang nalaman ang pagkakatulad at pagkakaiba ng barangay at sultanato, palawakin pa natin ang inyong nalalaman sa pamamagitan ng paghahambing ng inyong kaalaman sa dalawang sistemang pampolitika ng sinaunang lipunang Pilipino at sa kasalukuyang panahon.

Gamit ang sagutang papel ay kumpletuhin ang mga hinihinging sagot sa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan.

| NOON | NGAYON |
|---|---|
| Noon ang barangay ay ______________________________ | Ngayon ang barangay ay ______________________________ |
| Noon ang Datu at Sultan ay ang nagsisilbing ______________________________ | Ngayon ang Datu at Sultan ay ang ____________________ na siyang namumuno sa Pilipinas. |
| Ang umiiral na batas noon sa barangay at sultanato ay ang mga ______________________________ | Ang saligang batas ng Pilipinas ay ang nagsisilbi ngayon na ______________________________ |
| Noon ang nagbibigay ng hatol sa mga may sala ay ang ______________________________ | Ang hukom ng Pilipinas ang nagsisilbi ngayon bilang ______________________________ |

**Kaugnay na Katanungan**

Sa isang sagutang papel ay sagutin ang katanungan:

Mula sa iyong katatapos na gawain ay suriin, ano-ano ang pagkakatulad ng sistemang pampolitika noon sa kasalukuyang sistema na mayroon tayo ngayon sa Pilipinas.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Mga Sinaunang Lipunang Pilipino, Organisasyong Panlipunan at Pampolitika (Luzon, Visayas, at Mindanao) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang #6: Pagsusulit**

II. **Mga Layunin:**

1. Nasusuri ang mga sinaunang lipunang Pilipino batay sa organisasyong pampolitika
2. Naiisa-isa ang mga uri o antas ng mga sinaunang Pilipino
3. Naipapaliwanag ang ugnayan ng mga tao sa iba't ibang antas
4. Napaghahambing ang mga uri o antas ng mga sinaunang Pilipino

III. **Mga Kailangang Materyales**

- Lapis at Papel

IV. **Panuto:** Piliin ang tamang sagot mula sa pamimilian. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

______1. Ano ang tawag sa pinuno ng isang balangay na binubuo ng 50 o higit pang tagasunod sa sinaunang lipunan ng Pilipinas?

A. Datu
B. Maharlika
C. Bagani
D. Timawa

______2. Sa lipunang Bisaya, sino ang nása pinakamataas na antas ng nasasakop na lipunan?

A. Datu
B. Maharlika
C. Timawa
D. Alipin

______3. Ano ang tawag sa mga mahuhusay na mandirigma na karamihan ay mula sa pangkat ng Maharlika?

A. Datu

B. Bagani
C. Timawa
D. Alipin

______4. Ano ang tungkulin ng mga Maharlika sa barangay?
A. Magbayad ng buwis sa datu
B. Tulungan ang datu sa pagtanggol at pagpapanatili ng kapayapaan sa barangay
C. Maging alipin ng datu
D. Pamunuan ang barangay

______5. Ano ang tawag sa panggitnang uri sa lipunan, nása pagitan ng datu at maharlika at ng mga alipin?
A. Datu
B. Maharlika
C. Timawa
D. Alipin

______6. Ano ang naging kapalit ng pribilehiyong hindi magbayad ng buwis sa datu para sa mga timawa?
A. Pagsilbihan ang datu sa pagtatayo ng bahay
B. Proteksiyon laban sa mga kaaway
C. Paggamit ng lupa na nasasakop ng barangay
D. Lahat ng nabanggit

______7. Ano ang tawag sa pinakamababang antas panlipunan noong sinaunang panahon?
A. Datu
B. Maharlika
C. Timawa
D. Alipin

______8. Ano ang maaaring maging kaparusahan sa krimen o kawalan ng bayad sa nagawang krimen?
A. Pagiging Maharlika
B. Pagiging Datu
C. Pagiging Timawa
D. Pagiging Alipin

______9. Ano ang uri ng alipin na naninirahan sa sarili nilang bahay at nagbibigay ng taunang tributo sa datu?
A. Aliping Namamahay
B. Aliping Saguiguilid
C. Ayuey
D. Tumarampuk

______10. Ano ang tawag sa uri ng oripun na naninilbihan kailanman naisin ng datu?

A. Ayuey
B. Tumarampuk
C. Tumataban
D. Aliping Namamahay

______11. Saan maaaring maging panginoon ng alipin ang taong tumubos sa pagkakautang o krimen ng isang alipin?

A. Sa datu
B. Sa Maharlika
C. Sa Bagani
D. Sa Timawa

______12. Ano ang tawag sa uri ng oripun na naninilbihan sa datu tuwing may piging o pagtitipon?

A. Ayuey
B. Tumarampuk
C. Tumataban
D. Aliping Namamahay

______13. Ano ang tawag sa pinakamatapang na mandirigmang Tagalog na nakilala sa suot niyang pulang putong o maliit na piraso ng tela sa kaniyang ulo?

A. Datu
B. Maharlika
C. Bagani
D. Timawa

______14. Ano ang ginagamit na tanda ng paggalang at pagkilala sa sinaunang lipunang Tagalog para sa mga maginoo?

A. Gat o Lakan
B. Datu
C. Maharlika
D. Bagani

______15. Ano ang pangalawang pinakamataas na antas ng nasasakop na lipunan sa lipunang Bisaya?

A. Datu
B. Maharlika
C. Bagani
D. Timawa